[Attachment]

# Impormasyon sa Sistemang Legal ng Hiwalayan ng Magkabilang Panig ng May Pahintulot

## 1. Ano Ang Diborsyo Na Nauukol Sa Magkabilang Panig Na May Pahintulot?

Ito ay isang legal na pagpapawalang bisa sa kasal ng mag asawa na base sa malayang pagpapasya. Ang may kinalaman ay dapat tiyakin ang katotohanan sa hiwalayang mag-asawa ng may pahintulot ng korte. Ang diborsyo ay magkakaroon lamang ng bisa kung ang dalawang panig ay magsusumite ng kasulatan na may katibayan at maghain ng petisyon sa pinakamalapit na husgado.

## 2. Panuntunan sa Diborsyo

**A**.Pagharap ng petisyon sa napagkasunduang kumpirmasyon ng magkabilang panig.

1) Kinakailangang Ihain na mga Dokumento

a. Isang kopya ng application form na may katibayan na napagkasunduan

- Kinakailangang sagutan ng dalawang magkabilang panig ang application form at ito ay makukuha sa loob lamang ng Tangapan ng husgado o sa website ng Korte Suprema(http://help.scourt.go.kr).

- Ang dalawang panig ay kailangan agad magbigay ng takdang araw sa pamagitan ng pagtawag sa telepono, at kailangan nakatala ang numero ng telepono sa application form, kung sakali mang may pagbabago sa numero ng telepono maaari ipagbigay lamang agad ito sa korte suprema

b.Isang (1) kopya sa asawang lalaki ng katibayan sa relasyon sa kanyang pamilya at katibayan sa kasal

Isang (1) kopya sa asawang babae ng katibayan sa relasyon sa kanyang pamilya at katibayan sa kasal

- Na nagmula sa tanggapan sa lungsod

c.Tatlong (3) kopya sa Divorce Notification

- Ang pormang ito ay makukuha sa loob ng tangapan sa husgado.

- Ang impormasyong ito ay kailangang ihanda sa mag-asawa alin-sunod sa direksyong ibinigay sa likod pahina. “⑤ Determinasyon sa karapatan” bahaging nararapat na ilabas para sa oras ng paghanda sa paglalagay ng katibayan sa hangaring mag deborsyo pero pagkatapos ng korte magbigay ng katibayan sa hangaring magdeborsyo sa nauukol sa magkabilang panig pahintulutan at mayrrong ginawang determenasyon sa pagkakilala sa krapatan ng mga batang wala pa sa hustong gulang.

d. Isang kopya ng Katibayan ng Tirahan

- Ilakip lamang ang dokumentong ito kung naghain na sa korte ng aplikasyon ang magkabilang panig ng hiwalayan.

e. Ang mag-asawa na may anak na menor de edad (kabilang ang ipinagbubuntis ngunit hindi kasama ang edad na nasa hustong gulang,Tatlong (3) buwan matapos ang impormasyon tungkol sa diborsyo pagkatapos matiyak ang hinihintay na pasya galing sa husgado) nararapat na magsumite ng isang (1) kopya ng original at dalawang (2) duplicate ng kopya ng kasunduan sa karapatan ng mga magulang sa mga bata o tatlong (3)kopya ng original na kopya ng hatol at desisyon na nagmula sa Family Court pagkatapos makatanggap ng impormasyon tungkol sa diborsyo.Maliban kung ang mag-asawa na dumalo at nagsampa ay nakatanggap na ng impormasyon tungkol sa diborsyo at ang kasulatan ng kasunduan ay isusumite hangang isang (1) buwan lamang sa ibinigay na petsa at ang orihinal na hatol at desisyon ang kailangan ipakita bago ang pagsisiyasat.

Kung ang magkabilang panig ay hindi nakadalo sa napagkasunduan ng mga magulang, nararapat na sila ay humingi ng panibagong kautusan na nagmula sa Family Court sa lalong madaling panahon at isumite ang orihinal na kopya ng hatol at katibayan sa pasya ng korte.Ngunit kung naantala ang pagsumite ng nasabing kasulatan o hindi naisumite, hindi na makakuha o hindi na mabigyang kasagutan ang petisyon sa diborsyo.

f. Sa pagkakataon na ang isa sa mag-asawa ay nasa ibang bansa o di kaya’y nakakulong sa piitan ang isa

- Dapat lakipan ng rehistro na katibayan sa tinitirahan na (manggagaling sa embahada o Tangapan ng Mga Dayuhan) o isang kopya ng katibayan (na nagmula sa kulungan o detention center.)

② Korte na dapat pagsumitehan ng aplikasyon

○ Ang mag-asawa ay kinakailangan dumalo kung saan nakarehistro o ang lugar na pinagpasahan dokumento ng aplikasyon.

- Kung isa sa kanila ay sa ibang bansa naninirahan o ang isa ay nakakulong sa piitan ,isa sa kanila ay dapat humarap sa korte at magsumite ng mga dokumento para makatangap ng impomasyon.Ngunit kung meron silang anak na menor de edad, ang isang (1) original kopya at dalawa (2) kopya para sa kasunduan ng karapatan ng magulang sa mga o Tatlong(3) pang original na kopya ng hatol at katibayan ng desisyon ng Family Court ay kailangan nakasama kung saan isumite ang aplikasyon.

③ Mga Instruksyon Ukol sa Diborsyo

○ Ang impormasyon sa diborsyo ay dapat manggaling lamang sa husgado at kailangan na makatangap kayo ng payo mula sa taga-payo ng komite.Lalo na kung ang natangap na payo mula sa komite ay pangunahin upang makapag-desisyon ang mga magulang sa kanilang karapatan sa mga bata.

④ Pagpapadali o Exemption of Careful Deliberation Period for Divorce

○ Kailangan mabigyan agad ng paglilinaw ang diborsyo makalipas ang tatlong (3) buwan kung meron menor de edad (kabilang ang ipinagbubuntis) simula sa araw na makatangap ng impormasyon sa diborsyo.Matatangap nila ang desisyon ng korte bago dumating sa hustong gulang ang nasa sinapupunan o humigit kumulang isa hangang tatlong buwan ang (1~3) bago mag-hustong gulang o makalipas ang isang buwan kung ang bata ay isang(1) buwan pa lamang. Kung may nangyaring paglabag o pananakit ang isa sa miyembro ng pamilya ang panahon ng pagpaubaya na nakasaad sa testamento ay maaring paikliin, Maaring magbigay ng pahayag ukol sa kahilingan na mapadali ang diborsyo matapos komunsulta sa tagapayo.

○ Maliban kung ang korte ay makapagbigay ng panibagong petsa sa korte para Confirmation of Parties' Willingness of Uncontested Divorce sa loob ng pitong araw (isang linggo) matapos maisumite ang Reason Statement, ang naunang petsa na ibinigay ng korte ang siyang susundin at anumang paghamon nito ay ipagsasawalang bahala bilang pag-respeto.

⑤ Kumpirmasyon sa Hiwalayan ng Magkabilang panig na may Pahintulot

○ Siguraduhin na, sa petsang itinalaga ng korte, na ang dalawang panig ay haharap sa korte dala ang ID card ng bawat isa (alin man sa mga sumusunod: certificate of residence, driver's license, public officials' card, passport, etc.) at selyo o may lagda ng bawat isa.

○ Kahit na ang dalawang panig ay binibigyan pa ng isang pagkakataon na humarap sa korte kung sakaling ang isa ay hindi makarating sa unang itinakdang araw ng korte, ang hindi pagsipot sa pangalawang pagkakataon sa harap ng korte ay ikinukonsidera ng korte na pag-atras o pagbawi ng petisyon, na nangangahulugang ang dalawang panig ay dapat na mag-file uli ng Joint Petition for Confirmation of Parties' Willingness of Uncontested Divorce kung nais nilang ipagpatuloy ang proseso ng diborsiyo.

○ Kung mapapatunayan (mapatotohanan) ng korte ang pagsang-ayon ng magkabilang panig sa diborsiyo na walang maghahabol at kanilang kasunduan o ang orihinal na kopya ng Judgment and Certificate of Final Decision galing sa Family Court na nagsasaad ng awtoridad ng magulang o parent’s authority at ang mangangalaga ng anak o child custody, ang korte ay magpapalabas ng isang kopya ng Verification Certificate at isang kopya ng Agreement Certificate or Family Court's Judgment on Parental Authority (1 orihinal na kopya) at Certificate of Final Decision on Parental Authority (3 kopya).

○ Kung ang dalawang panig ay hindi magkaroon ng kasunduan hanggang sa dumating ang araw o petsa na itinakda ng korte para sa Confirmation of Parties' Willingness of Uncontested Divorce at mag-file ng reklamo o complaint sa Family Court at ang mga nilalaman na katunayan ukol sa petisyon ng dalawang panig, ang korte ay magtatakda ng panibagong petsa o araw ng pagdidinig.  Kung ang Family Court ang siyang magbibigay ng paghahatol, ang dalawang panig ay kinakailangang magsumite ng orihinal na kopya ng Judgment and Certificate of Final Decision mula sa Family Court. Kung ibabasura o iatras ng Family Court ang kaso at ang dalawang panig ay hindi magsumite ng kasunduan o agreement, hindi makakakuha ng Confirmation of Parties' Willingness of Uncontested Divorce ang magkabilang panig.

○ Para sa kapakanan ng mga bata, ang husgado ay maaring magpasya ng panibagong kasunduan tungkol sa pangangalaga sa mga bata.Kung sinoman hindi sumunod maaring hindi mabigyan linaw ang diborsyo.

○ Kung ang dalawang panig ay hindi makakuha ng Confirmation of Parties' Willingness of Uncontested Divorce, sila ay maaaring mag-file ng diborsiyo sa Family Court o mag-file ng isang Joint Petition for Confirmation of Parties' Willingness of Uncontested Divorce na humihingi ng appointment ng legal guardian at iba pa.

**B.** Pag-uulat ng Diborsiyong Walang Paghahabol o Reporting Uncontested Divorce

○ Dahil sa ang Certificate of Confirmation of Parties' Willingness of Uncontested Divorce ("Certificate of Confirmation") ay may bisa lamang sa loob ng tatlong buwan matapos matanggap ng magkabilang panig ang kanila-kanilang kopya ng Certificate of Confirmation, alinman sa dalawang panig o ang dalawang panig mismo ay dapat magsumite ng Divorce Report sa loob ng panahon na nakasaad sa Certificate of Confirmation sa Chief Executive Officer ng Lungsod, ng Lalawigan, o sa pinakamalapit na Lungsod

- Sa hindi pagrereport o pag-uulat ng Certificate of Confirmation, ang dalawang panig ay hindi matatawag na legal ang pagdidiborsiyo at kung ang tatlong buwan na nakasaad sa taas ay lilipas ng hindi nakapag-report, ang mag-asawa ay dapat na kumuha ulit ng Confirmation of Parties' Willingness of Uncontested Divorce para makapagsumite ng Divorce Report.
- Sa mga pagkakataon na may mga anak na menor-de-edad ang mag-asawa, ang nakasaad na Divorce Report sa taas ay dapat na mai-file kasama ng report na nagsasaad kung sino sa magulang ang may karapatan o parental right (awtoridad) ("Parental Authority Report") at kopya ng Agreement on Parental Authority at kopya ng Family Court's Judgment on Parental Authority at kopya ng Certificate of Final Decision on Parental Authority ay kailangang kalakip din.
- Kung sakaling mawala ang kopya ng Certificate of Confirmation: Maaaring mag-file ng petisyon para sa Certificate of Confirmation uli sa korte, ngunit kung ang pagkawala ng kopya ay sa loob ng tatlong buwan mula sa petsa ng pagpapalabas nito, maaaring humingi ng re-issue na kopya ng Certificate of Confirmation at magsumite ng Divorce Report sa pamamagitan ng pagfill-up ng Form. Kung mawawala ito makalipas ang tatlong buwan mula sa petsa ng pagpapalabas nito ng korte, ang magkabilang panig ay dapat na mag-file ng petisyon para sa Certificate of Confirmation uli sa korte.

- Dahil sa ang orihinal na kopya ng Agreement o Kasunduan ng mag-asawa ay nasa pangangalinga ng korte sa loob ng isang taon, para sa Divorce Report, ang magkabilang panig ay dapat na may hiwalay na panghahawakan na Certificated Copy of the Agreement na inilabas ng korte sa pagpapatunay ng kagustuhan ng dalawang panig sa diborsiyong walang maghahabol..

**C.** Pag-atras o Withdrawal ng Uncontested Divorce

○ Kahit na ang dalawang panig ay magkakaisa(magdesisyon) na iatras ang diborsiyo matapos makakuha ng Certificate of Confirmation mula sa korte ngunit bago pa man maisumite ang form ng Divorce Report, ang lalaki/babae (o mag-asawa) ay maaaring ipasawalang bisa ang kanilang diborsiyo sa pamamagitan ng pagfill-up ng Divorce Withdrawal form sa Chief Executive Officer ng Lungsod, ng Lalawigan, o pinakamalapit na Lungsod, kung saan ang panig(mga panig) ay doon naninirahan o kaya ay nakarehistro sa nasabing lugar.

- Sa pagkakataon na ang Divorce Report form ay matanggap ng mas maaga kaysa sa pagbibigay ng Divorce Withdrawal Report, ang diborsiyo ay mananatiling may bisa kahit na matapos ng masumite ang Divorce Withdrawal form.

**3. Bisa ng Uncontested Divorce**

○ Ang relasyon bilang mag-asawa ng dalawang panig ay nagkakaraon ng pagtatapos o hangganan kung ang magkabilang panig ay magsumite ng porma ng Divorce Report matapos makakuha ng Certificate of Confirmation mula sa korte.

○ Kahit matapos ng makumpleto ang proseso ng uncontested divorce, ang mga tungkulin, obligasyon at karapatan ng magulang ay nagpapatuloy pa rin. Gayunpaman, kung may mga menor-de-edad na anak saan man sa dalawang panig, dapat nilang sundin ang Agreement on Parental Authority o ang Family Court's Judgment on Parental Authority.

○ Sa pagkakataong ang asawang babae na nakipagdiborsiyo ay magnais na lumipat ng ibang lugar ng paninirahan mula sa kanyang asawang lalaki, kinakailangan niyang magsumite ng form sa Pagbabago ng Rehistro ng Pook ng Paninirahan o Changing Registered Place of Residence.